Mensahe Sampu

## Ang Sentro at Mahalagang Punto ng mga aklat ng Pagbabawi ng Ezra at Nehemias—ang Wasto at Sapat na Pangunguna sa Pagbabawi ng Panginoon

Babasahin sa Kasulatan: Neh. 8:1-10; 13:14, 29-31;
Mat. 20:25-28; 23:8-13; Heb. 13:7

**I. Sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos at sa pagbabawi ng Panginoon, ang pangunguna ay nakasalalay sa espirituwal na kapasidad; ang pangunguna ay hindi opisyal, permanente, pang-organisasyon, o pang-hirarkiya—1 Tes. 1:5; 2:1-14; 5:12-13; Heb. 13:7, 17, 24:**

A. Ang konsepto ng Panginoon sa pangunguna ay salungat sa natural na konsepto; sa gitna ng bayan ng Diyos sa katunayan ay walang pangunguna sa natural na pakahulugan—Mat. 20:25-28; 23:8-13:

1. Sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, ang pangunguna ay nangangahulugang pagiging alipin; sinumang magnanais na maging lider ay dapat magkusang maging alipin—Marcos 10:35-45.
2. Ang pangunguna ay hinuhubog ng paglago sa buhay at isang kinalabasan ng pangangailangan; kung walang pangangailangan, walang pangunguna ang maipapakita—1 Ped. 5:1-3.
3. Upang isaisantabi ang pantaong konsepto ng pangunguna, itinalaga ng Diyos na ang pangunguna sa gitna ng Kanyang bayan ay laging nakasalalay sa espirituwal na kapasidad—Gawa 13:2, 9; 14:12; Gal. 2:11-14.
4. Walang organisadong pangunguna sa pagbabawi ng Panginoon, at walang nagbubuklod na organisasyon; sa halip, mayroong isang Ulo na direktng nagbibigay ng mga utos sa lahat ng mga sangkap, at mayroong isang organismo, ang Katawan—Efe. 1:22-23.

B. Ayon sa Bagong Tipan, ang awtoridad ng mga apostol ay espirituwal at nasa kanilang ministeryo ng salita—Gawa 2:42; 2 Cor. 13:5-6; 1 Tes. 2:13:

1. Wala silang awtoridad sa posisyon upang makialam sa mga usapín ng ekklesia; tanging ang salitang kanilang inihahain ang may awtoridad—Col. 4:16; Heb. 13:7.
2. Sumusunod ang mga ekklesia sa mga apostol sapagkat ang mga apostol ang nagtataglay ng Bagong Tipang pagtuturo—Fil. 2:12; Gawa 20:17-36.
3. Kung ang isang ekklesia ay naligaw o nalihis, ang mga apostol ay may obligasyon at responsabilidad na tuusin ang situwasyon ayon sa salita ng Diyos, na siyang may awtoridad—bb. 26-27; 2 Cor. 10:6; 2 Tim. 1:13; 4:2.
4. Ang pangunguna ay naibubunga, napapalakas, at nalilimitahan sa pagtuturo ng mga apostol—Tito 1:9.

C. Sa Bagong Tipan ay mayroong isang ministeryo kalakip ang isang pangunguna—Gawa 1:17, 25; 2 Cor. 4:1:

1. Ang Kristiyanidad ngayon ay nagkahati-hati dahil sa napakaraming pangunguna; dahil ang ministeryo ay isa, hindi dapat magkaroon ng higit sa isang pangunguna.
2. Mayroong isang pangunguna yamang ang Diyos, ang Panginoon, at ang Espiritu ay pawang iisa; ang isang pangunguna ay para sa pagpapanatili ng kaisahan ng Espiritu para sa Katawan ni Kristo—Efe. 4:4-6.
3. Ipinapakita sa atin ng Bagong Tipan ang mga itinakdang awtoridad sa mga nangunguna sa ministeryo, isang awtoridad na para sa pagtatayo—2 Cor. 13:10:
   a. Ang itinakdang awtoridad ng Diyos ay nasa pagtuturo ng mga nangunguna—1 Cor. 4:17b-21; 7:17b; 11:2; 16:1; 2 Tes. 3:6, 9, 12, 14.

b. Ang pagtuturo ng parehong bagay sa lahat ng dako sa bawat ekklesia ay isang pagpapakita ng itinakdang awtoridad ni Pablo—1 Cor. 4:17b.

D. Ang pangunguna sa Bagong Tipang ministeryo ay mas higit kaysa sa mga mismong nangunguna sa Bagong Tipang ministeryo—Gawa 2:42; 2 Tim. 3:10.

**II. Ang pangunguna sa Bagong Tipang ministeryo ay ang pangunguna ng isang nagkokontrol na pahayag, hindi ang pangunguna ng isang nagkokontrol na tao—Gawa 26:19:**

A. Ang walang hanggang ekonomiiya ng Diyos ay inihayag sa pamamagitan ng mga apostol, subalit dahil naiwala ng mga mananampalataya ang wastong pagkaunawa nito, mayroong pangangailangan na bawiin ito ng Panginoon; ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos (Gr. *oikonomia*) ay ang Kanyang sambahayang administrasyon upang maipamahagi ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa Kanyang piniling bayan upang magkaroon Siya ng isang bahay upang ihayag ang Kanyang sarili, na siyang ang ekklesia, ang Katawan ni Kristo—Efe. 3:2, 8-9; 1 Tim. 1:3-4; 3:15; Efe. 1:10; 2:21-22; 1 Ped. 4:10.

B. *Pagbabawi* ay nangangahulugang pagpapanauli sa isang normal na kalagayan pagkatapos mahita ang pagkasira o pagkawala; *pagbabawi* ay nangangahulugang bumalik sa orihinal na intensyon at pamantayan ng Diyos gaya ng inihayag sa Kasulatan, na ayon sa kasalukuyang pagsulong ng Kanyang pagbabawi ng mga nilalaman ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos:

1. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ni Kristo bilang ating sentro, realidad, buhay, at lahat-lahat sa Kanyang lubos na ministeryo ng pagkakatawang tao, pagpapaloob, at pagpapatindi—Col. 1:17b, 18b; Aw. 80:1, 15, 17-19; Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b; Apoc. 2:4-5, 7, 17; 3:7-8, 12-13, 17-22; 4:5; 5:6; Juan 6:57; 14:21, 23; 21:15-17; cf. Jer. 32:39.
2. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng pagkakaisa ng Katawan ni Kristo—Juan 17:11, 21-23; Efe. 4:3-4a; Apoc. 1:11.
3. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng pangsyon ng lahat ng sangkap ng Katawan ni Kristo—Efe. 4:15-16; Roma 15:16; 1 Ped. 2:5, 9; 1 Cor. 14:1, 4b, 12, 26, 31, 39; Jer. 31:33-34 (tingnan ang talababá 1 sa b. 33).

C. Ang pangitaing ito ay dapat mapanibago sa loob natin araw-araw upang maging ang kumokontrol na pangitain ng ating buong buhay, gawain, at aktibidad—1 Juan 1:7; 1 Ped. 2:9; Isa. 2:5; Aw. 119:105; 36:8-9.

D. Ang lisanin ng isang tao ang pagbabawi ng Panginoon ay nangangahulugang hindi niya kailanman nakita kung ano ang pagbabawi ng Panginoon; kung hindi pa natin nakita ang pangitain ng pagbabawi ng Panginoon, sa katunayan ay wala tayo sa pagbabawi ng Panginoon—Gawa 26:13-19; cf. Gen. 13:14-18.

E. Tayong nasa pagbabawi ng Panginoon ay dapat magkaroon ng isang malinaw na pangitain ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos at pagkatapos ay mapamahalaan, makontrol, at madirektahan ng pangitaing ito, sapagkat tayo ay narito upang isagawa ang walang hanggang ekonomiya sa Kanyang pagbabawi.

F. Ang pangunguna sa pagbabawi ng Panginoon ay ang pangunguna ng ibinigay na pahayag ng Diyos na naglilimita sa atin, nagdidirekta sa atin, at nagkokontrol sa atin upang ang kalituhan at pagkakahati-hati ay maiwasan—Kaw. 29:18a.

G. Basahin ang suplemento mula sa *The Vision of the Age.*

**III. Ang sentro at mahalagang punto ng mga pagbabawing aklat ng Ezra at Nehemias ay ang wasto at sapat na pangunguna—Neh. 8:1-10:**

A. Sa pagbabawi ng Panginoon tayo ay mayroong pangunguna ng isang nagkokontrol na pahayag sa isang ministeryo sa pamamagitan ng mga naghahatid ng pahayag—Efe. 3:3-5, 9; Col. 1:24-29:

1. Sinabi ni Pablo na siya at ang kanyang mga kamanggagawa ay “mga lingkod ni Kristo at mga katiwala ng mga hiwaga ng Diyos” (1 Cor. 4:1); sila ay mga katiwala, pinamamahagi ang makalangit na pangitain ng mga hiwaga ng Diyos sa mga mananampalataya; ang mga hiwagang ito ay si Kristo bilang ang hiwaga ng Diyos at ang ekklesia bilang ang hiwaga ni Kristo (Col. 2:2; Efe. 3:4; 5:32); ang namamahaging paglilingkod na ito, ang pagkakatiwala, ay ang ministeryo ng mga apostol (3:2, 8-9).
2. “Kinakailangan sa mga katiwala na bawa’t isa ay maging tapat” (1 Cor. 4:2); gaya ni Pablo, kailangan tayong “mapakitaan ng awa ng Panginoon upang maging tapat” (7:25b; 1 Tim. 1:12) upang tayo ay maging mga tapat na alipin, na laging binibigyan ang sambahayan ng Diyos ng espirituwal na pagkain, inihahain ang salita ng Diyos at si Kristo bilang tustos ng buhay sa mga mananampalataya sa ekklesia (Mat. 24:45-47); nais nating maging mga tapat sa gawain ng Panginoon sa kapanahunang ito upang makibahagi tayo sa kagalakan ng Panginoon sa susunod na kapanahunan, na may pagkatanto na ang pagpapahalaga at gantimpala ng Panginoon ay walang kinalaman sa laki at dami ng ating gawain kundi sa ating katapatan sa lubusang paggamit sa Kanyang kaloob (25:21-23; cf. Apoc. 3:8).

B. Tanging sa ilalim ng pangunguna ng mga taong gaya nina Nehemias at Ezra na ang Israel ay mabubuuang muli upang maging ang patotoo ng Diyos sa lupa; ito ay isang sagisag ng ninanais ng Diyos kung ano dapat ang ekklesia ngayon—13:14, 29-31; 1 Tim. 3:15.

C. Alam ni Nehemias na kung wala si Ezra ay hindi niya muling mabubuo ang bayan ng Diyos:
1. Sa muling pagbubuo sa bansa, natanto ni Nehemias na hindi niya nalalaman ang Salita ng Diyos.
2. Si Ezra ay kilalá sa kanyang kaalaman sa Salita ng Diyos, at si Nehemias ay nagkusang humingi ng kanyang tulong.

D. Ayon sa dibinong prinsipyo, ang wastong pagkakatawan ng Katawan ay laging nasa mga tumutugma sa iba—1 Cor. 1:1; Exo. 4:14b-16:
1. Ang maging mag-isa ay maging indibidwalistiko, subalit ang maisugong kasama ng isa pa ay ayon sa prisipyo ng Katawan—Lucas 10:1; Gawa 13:1-3; Roma 12:5; 1 Tes. 1:1.
2. Ang kumilos nang mapag-isa ay ang labagin ang prisipyo ng Katawan.
3. Sa pagbabawi ng Panginoon ay may isang mahigpit na pangangailangan para sa tunay na gawain ng pagtatayo ng Katawan; gayunpaman, ang pagtatayong gawain ay maisasagawa lamang ng mga kamanggagawang naitugma—Fil. 2:19-22.

E. “Ipinakita sa akin ng Panginoon na inihanda Niya ang maraming kapatid na lalaking maglilingkod bilang mga kapwa alipin ko sa isang pinaghalong paraan. Nadarama ko na ito ang soberanong probisyon ng Panginoon para sa Kanyang Katawan at sa napapanahong daan upang matupad ang Kanyang ministeryo”— Witness Lee, March 24, 1997 (*The Collected Works of Witness Lee, 1994–1997,* vol. 5, “A Letter of Fellowship with Thanks,” p. 525).

**Suplemento mula sa *The Vision of the Age:***

**MAHIGPIT NA SINUSUNDAN ANG NAKUMPLETONG PANGITAIN NG KAPANAHUNANG ITO**

Upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos ngayon, ang ating pangitain ay dapat umabot mula sa unang pangitain ni Adam sa Genesis hanggang sa sukdulang pangitain ng pagpapakita ng ekklesia, ang Bagong Herusalem. Ito at ito lamang ang kumpletong pangitain. Ngayon lamang na ang pangitaing ito ay lubusang nabuksan sa atin.

Sa National Palace Museum sa Taipei, mayroong isang pinta sa isang mahabang balumbon na tinaguriang “The River Scene at Ching-Ming Festival.” Inilalarawan nito ang detalye ng kultura, buhay, at paraan ng mga Intsik sa panahon ng pinta. Hindi sapat na makita lamang ang ilang unang bahagi ng mahabang balumbon na iyon. Dapat bagtasin ng isa mula sa isang dulo hanggang sa kabilang dulo bago siya

magkaroon ng isang malinaw na larawan, o “pangitain,” ng buong espektro ng buhay sa Tsina. Sa gayunding paraan taglay natin ang sarili nating pinta, ang ating “River Scene at Ching--Ming,” sa ating paglilingkod sa Diyos. Ito ay nagsisimula sa pangitain ni Adam sa puno ng buhay sa hardin ng Eden at umaabot hanggang sa Bagong Herusalem kalakip ang puno ng buhay. Ang Bagong Herusalem ay ang huling eksena ng pangitain. Pagkatapos niyaon ay wala ng makikita.

…Tayo ay naglilingkod sa Diyos ayon sa huling eksena, na nagpapaloob ng lahat ng nakalipas na eksena…

Yamang tayo ay mayroong napapanahon at sukdulang pangitain, dapat nating sundan ito nang mahigpit. Tayo ay lubusang hindi sumusunod sa isang tao; sa halip, tayo ay sumusunod sa isang pangtian. Napakamaling sabihin na tayo ay sumusunod sa isang tao. Tayo ay sumusunod sa isang pangitain na nabibilang sa kasalukuyang kapanahunan. Ito ay ang sukdulang pangitain.

Ang pagbabawi ng Panginoon ay inihatid sa atin sa pamamagitan ng ating ginigiliw na Brother Nee. Dahil dito siya ay naging target ng pag-atake. Noong 1934 siya ay kinasal sa Hangchow. Kinuha ng ilan ang pagkakataong ito upang gumawa ng isang bagyo. Siya ay naging napakalungkot, kaya’t isang araw pinuntahan ko siya upang aliwin siya, na nagsasabing, “Brother Nee, alam mo na sa pagitan nating dalawa, walang natural na kaugnayan. Hindi ko tinatahak ang daang tinatahak mo o pinapangaral kung ano ang pinapangaral mo dahil sa natural na pakikipagkaibigan sa iyo. Tayong dalawa ay malayong-malayo sa isa’t isa. Ako ay taga-hilaga, at ikaw ay taga-timog. Ngayon ay tinatahak ko ang parehong landas hindi dahil sumusunod ako sa iyo bilang tao. Sinusundan ko ang daang tinatahak mo. Brother Nee, gusto kong malaman mo na kung sakaling isang araw ay hindi mo na tatahakin ang daang ito, tatahakin ko pa rin ang daang ito.” Sinabi ko ito sapagkat naapektuhan ng bagyong ito ang ilan, at nagpasya sila na huwag nang tahakin ang daang ito. Sa ibang satita, maraming tao ang sumunod sa isang tao. Nang ang taong iyon ay tila nagbago, sila ay tumalikod. Subalit sinabi ko kay Brother Nee, “Kung sakaling isang araw ay hindi mo na tatahakin ang daang ito, tatahakin ko pa rin ang daang ito. Hindi ko tinatahak ang daang ito dahil sa iyo, at hindi ko lilisanin ang daang ito dahil sa iyo. Nakita ko na ito ang daan ng Panginoon. Nakita ko ang pangitain.”

Limampu’t dalawang taon na ang nakalipas. Ngayon hinding-hindi ako nagsisi sa lahat ng ginawa ko. Sa nakalipas na limampu’t dalawang taon ay nasaksihan ko ang parehong kuwento na paulit-ulit na nangyayari. Ang ilang tao ay dumating at umalis. Ang isang eksena ay nagbago, at ang isa pang eksena ay dumating. Sa simula ng ating gawain sa Taiwan, sa nakalipas na tatlong dekada ay nasaksihan natin ang ilang malalaking krisis. Maging ang mga kapatid na dinala ko sa kaligtasan at dumaan sa sarili kong pagsasanay ay nilisan ang pagbabawi ng Panginoon. Ang pangitain ay hindi kailanman nagbago, subalit ang mga tao ay talagang nagbago, at yaong mga sumunod sa pangitain ay nagbago rin. Magsasabi ako ng matinong salita sa inyong lahat mula sa kaibuturan ng aking puso. Sa awa ng Panginoon ay makakatayo ako ngayon dito upang dalhin sa inyo ang pangitaing ito. Inaasahan ko na hindi kayo sumusunod sa akin bilang isang tao; inaasahan ko na sa awa ng Panginoon kayo ay sumusunod sa pangitain na ipinakita ko sa inyo…

Nais kong isalaysay sa inyo ang isang katotohanan. Ito ay sa awa ng Panginoon na Kanyang ibinunyag sa akin ang pangitain. Pinapayuhan ko kayo na huwag kayong sumunod sa akin kundi sumunod kayo sa pangtaing ito, na iniwan sa atin ni Brother Nee at lahat ng mga lingkod ng Panginoon sa lahat ng mga kapanahunan at ipinasa ko sa inyo. Tunay na ito ang pangitain mula sa unang eksena kay Adam hanggang sa huling ekesena ng Bagong Herusalem. (pp. 48-50)

© 2022 Living Stream Ministry